

Ang *Bag-ong Kinaiya sa Pagtuon* sa Panahon ng Pandemya ng mga Maristang Gradwadong Mag-aaral sa Filipino

Jun Yang Badie

Notre Dame of Marbel University

ABSTRAK

May banyuhay! May báhong anyo ng búhay sa pagkatuto. Dahil sa pandemyang Coronavirus Disease o Covid-19, nagkaroon ng *bag-ong kinaiya sa pagtuon* o báhong normal sa pagkatuto ang mga mag-aaral sa iba't ibang antas sa iba't ibang paaralan sa bansa. Ang pandemya ay nagdulot ng iba't ibang mukha ng kuwarantena na mahigpit na nagbawal sa pagbibiyahé, *mass gathering*, at pisikal na kontak ng mga guro sa mga mag-aaral na tradisyonal na pamamaraan sa pagtuturo at pagkatuto o ang *face-to-face learning*. Dahil dito, sumibol ang ganap na *online learning* na sa kaso ng Pilipinas ay biláng na biláng lámang ang mga pamantasang nakapagsimula at nakagamit nito bago pa man ang pandemya gaya ng Unibersidad ng Pilipinas, La Salle, Ateneo, Unibersidad ng Santo Tomas, at University of San Carlos (Nuncio 2020). Samantala, ang Notre Dame of Marbel University (NDMU) sa Lungsod Koronadal, South Cotabato na kauna-unahang Marist University sa Rehiyon 12, sa Mindanao, at sa buong Pilipinas ay nagsumikap din para sa ganap na *online* na pagtuturo ng mga propesor sa antas gradwado para sa klaseng pang-summer. Ang papel na ito ay naglaláyong ilarawan sa pamamagitan ng tematikong pagsusuri ang kalikasán, kalakasan, at karanasan ng/sa *bag-ong kinaiya sa pagtuon* ng tanang Maristang gradwadong mag-aaral sa Filipino noong unang modyul ng klaseng pang-summer 2020. Batay sa ginawang pagsusuri, nabuo ang 5K modelong balangkas sa *bag-ong kinaiya sa pagtuon* na maaaring makatulong sa mga administrador, guro, at mag-aaral sa iba't ibang antas at paaralan lalo na sa pagharap sa báhong normal sa pagtuturo at pagkatuto.

Mga Susing Salita: *Maristang Gradwadong Mag-aaral sa Filipino, Notre Dame of Marbel Univesity, Bag-ong Kinaiya sa Pagtuon, Pandemya, 5K Modelong Balangkas*

INTRODUKSIYON

May banyuhay! May báhong anyo ng buhay sa pagtuturo at pagkatuto. Dahil sa pandemyang *Coronavirus Disease* o Covid-19, nagkaroon ng *bag-ong kinaiya sa pagtuon* o báhong normal sa pagkatuto ang mga mag-aaral sa iba't ibang antas sa iba't ibang paaralan sa bansa. Ipinagbawal ang pisikal na kontak ng mga guro sa mga mag-aaral na tradisyonal na *setting* sa pagtuturo at pagkatuto o ang *face-to-face learning*. Dahil sa kuwarantena, mahigpit na ipinagbawal ang pagbibiyahe, *mass gathering* o pagtitipon na lampas sa sampu, at pisikal na kontak. Dahil dito, sumibol ang ganap na online learning na sa kaso ng Pilipinas ay biláng na biláng lámang ang mga pamantasang nakapagsimula at nakagamit nito bago pa man ang pandemya gaya ng Unibersidad ng Pilipinas, La Salle, Ateneo, Unibersidad ng Santo Tomas, at University of San Carlos (Nuncio 2020).

Hindi naging hadlang ang pandemya para ipagpatúloy ang proseso ng pagtuturo-pagkatuto sa iba-ibang paaralan dahil sa mga makabagong teknolohiya na maaaring gumamit ng iba't ibang *learning management system*, *video conferencing applications*, *social media*, *email*, at iba pang moda. Sa *bag-ong kinaiya sa pagtuon* na gumagamit ng makabagong teknolohiya, kailangan ang kaalaman at kasanayan sa kompyuter at iba pang gadyet lalo na ang mga guro sapagkat sila rin ang gagabay at tutulong sa kani-kanilang mag-aaral. Ang *computer literacy* (banggit sa Benchmarking ICT Literacy in Tertiary Learning Settings) ay nangangahulugang "*an understanding of computer characteristics, capabilities and applications, as well as an ability to implement this knowledge in the skillful and productive use of computer applications suitable to the individual roles in society*" (Simonson, Maurer, Montag-Torardi & Whitaker 1987: 232). Sa madaling sabi, ang *bag-ong kinaiya sa pagtuon* ay isang pagkakataon para sa mga guro at mag-aaral upang higit na malinang ang kaalaman at kasanayan sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya túngo sa mas epektibo, episyente, at produktibong proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sa kabiláng banda sa artikulong *Top 5 Benefits of Technology in the Classroom* ng Walden University, nakatutulong nang malaki ang teknolohiya sa mas aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral. Nagiging mas inter-aktibo at masaya ang klase. Gayundin, napauunlad nito ang kolaborasyon o ang pakikipagtulungan ng mga mag-aaral sa kapuwa mag-aaral at maging ang guro. Ang hindi gaanong mahusay sa paggamit ng teknolohiya ay nagagabayan at natutulungan upang magkaroon ng dunong at danas. Ayon kay Ryan Greene, isang guro at nagtapos ng *MS in Instructional Design and Technology* sa Walden University (Top 5 Benefits of Technology in the Classroom), "*Take the risk. Try something new. You never really know how effective a tool or approach will be until*

you try it. Using technology in your classroom also encourages critical thinking skills. Just dive in." Kailangang may personal na danas sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya. Kailangang hikayatin at hamunin ang sarili sa paggamit at pagpapahusay sa paggamit ng mga ito. Sa pamamagitan ng teknolohiya at wastong paggamit nito, napatataas ang antas ng pagiging malikhain at mapanuri.

Sa pag-aaral ni Basiloy, natuklasan niyang ang mga guro sa Filipino sa mga pang-estadong unibersidad sa Samar ay may mataas na antas ng pagtanggap sa mga materyal na multimedia ngunit may mababang antas ng paggamit sa nasabing mga materyal. Dagdag pa, nakatulong sa paglinang ng antas ng pagtanggap at paggamit ng mga materyal na multimedia ang pagsagawa ng seminar-workshop. Kung kayâ, bahagi ng kaniyang rekomendasyon ang paghikayat sa mga guro sa Filipino na magpatúloy sa pagkakamit at paglinang ng kaalaman at kasanayan sa paggamit ng mga materyal na multimedia sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga seminar-workshop, pagiging maláy sa mga inobasyong hatid ng mga edukasyong panteknolohiya upang maging ganap na handa sa paggamit ng mga materyal, pagkakaroon ng positibong pananaw sa pagpapahalaga sa mga materyal na multimedia, pagkakaroon ng suportang administratibo, pagsasagawa ng seminar-workshop hinggil sa pagsasanib ng teknolohiya at kahalagahan nito sa pagtuturo at pagkatuto, at pag-iimbita ng mga mag-aaral at maging ng mga eksperto sa edukasyong panteknolohiya (161).

Mahalaga ang antas ng pagtanggap, paggamit, at pagpapahalaga sa mga makabagong teknolohiya lalo na sa bágong anyo ng pagtuturo at pagkatuto sa bágong normal ng edukasyon. Ang mga makabagong teknolohiya ay bahagi na ng *bag-ong kinaiya sa pagtuon*. Kultura ang mga ito. Hindi lámang ito simpleng pagsasanib ng teknolohiya sa pagbabahagi ng mga aralin kundi búhay na ito na mahalagang sipatin, suriin, pag-aralan at paghusayan sapagkat ganap nang *online* ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Mahalaga rin ang sigla, sigasig, at suporta ng mga guro, mag-aaral, at administrasyon. Kailangan ang pakikiisa at pakikipagtulungan ng bawat kasapi ng akademikong komunidad upang lalong maihanda sa pagharap at pagresolba sa mga hámon, maging magaan ang proseso sa kabila ng krisis, at maging matagumpay sa bágong normal ng edukasyon.

ANG BANYUHAY SA PAGTUTURO-PAGKATUTO SA NOTRE DAME OF MARBEL UNIVERSITY

Ang Notre Dame of Marbel University (NDMU) na pinamamahalaan ng Marist Brothers ay ang kauna-unahang unibersidad sa Lungsod Koronadal, South Cotabato. Ito ang kauna-unahang Marist University sa Rehiyon 12, sa Mindanao at sa buong Pilipinas. Kasáma nitong eskuwelahang Marista ang Notre Dame of Dadiangas University sa Lungsod Heneral Santos; Notre Dame of Kidapawan College sa Lungsod Kidapawan, Lalawigan ng Cotabato; Notre Dame of Cotabato sa Lungsod Cotabato; at Marist School sa Lungsod Marikina. Ang NDMU ay isa sa mga sentrong kolehiyo ng Notre Dame Educational Association kasáma ang Notre Dame College ng Cotabato at Jolo upang tulungan ang asosasyon at iba pang kasaping institusyon sa kanilang sariling pag-unlad matapos gawaran ng Ford Foundation noong 1966. Isa ang NDMU sa nagsumikap at naglaan ng pondo at panahon para sanayin ang mga guro sa kolehiyo at paaralang gradwado sa tinatawag na Academic Learning Management System (AcadLMS). Gayunpaman, malayang nakagagamit ang bawat guro ng iba pang moda sa pagtuturo ng sesyong singkroniko ng itinuturong asignatura o kurso. Ang *bag-ong kinaiya* sa pagtuturo at pagkatuto sa NDMU ay unang naranasan ng mga propesor at mag-aaral ng paaralang gradwado para sa klaseng pang-summer noong 2020. Ang paaralang gradwado lámang ang may klaseng pang-summer. Walang klaseng pang-summer ang mga mag-aaral sa kolehiyo bagaman may pagsasanay na isinagawa sa mga guro sa apat na kolehiyo – Edukasyon, Inhenyeriya at Teknolohiya, Pamamahalang Pangkalakalan, at Sining at Agham.

Humigit-kumulang 10 guro sa paaralang gradwado ang unang sumabak sa ganap na *online* na pagtuturo mula sa dáting klaseng modyular na binubuo ng 6 na sesyon na may 8 oras kada sesyon at may pisikal na kontak ang mga guro at mag-aaral. Purposibong pinili ng pag-aaral na ito ang klaseng Fil 258 o Gramatika at Komposisyon sa Filipino na isa sa mga klase na kinuha noong unang modyul ng klaseng pang-summer at kinukuhang kurso ng mga mag-aaral sa Master sa Sining ng Edukasyon medyor sa Filipino. Ang programang MAEd-Filipino ay dati nang programa ng paaralang gradwado na muling binuksan noong 2016 na may dalawang mag-aaral lámang na kapuwa ganap nang masterado. Ang Fil 258 ay binubuo ng 7 mag-aaral na may 4 na guro mula sa Kagawaran ng Edukasyon, 1 mula sa pang-estadong unibersidad, at 2 mula sa pribadong kolehiyo/unibersidad.

Hindi na 8 oras ang klase sa *online*. Ang klase ay may 3 oras na sesyong singkroniko mula alas-dos hanggang alas-singko ng hapon. Mayroon ding sesyong

asingkroniko na maaaring makapagtanong at makapaglinaw ang mga mag-aaral tungkol sa mga aralin o kahingian ng klase. Iba't ibang plataporma ang ginamit ng klase. Bukod sa AcadLMS kung saan ipino-post ang mga paksa, iskedyul, kawing ng mga journal, presentasyon ng mga aralin, pamantayan sa pagmamarka o *rubrics*, silabus, at iba pa, gumamit din ang klase ng Zoom, Google Meet, *email*, *group chat*, Facebook Group, at Facebook Page at iba pang paraan ng komunikasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral.

Bilang guro sa paaralang gradwado na humarap sa banyuhay o *bag-ong kinaiya sa pagtuon*, layunin ng artikulong itong pag-aralan ang kalikasán, kalakasan, at karanasan ng/sa *bag-ong kinaiya sa pagtuon* ng mga Maristang gradwadong mag-aaral na magsisilbing batayán sa pagbuo ng balangkas ng *bag-ong kinaiya sa NDMU*. Inilarawan sa pamamagitan ng tematikong analisis ang kalikasán, kalakasan, at karanasan ng/sa *bag-ong kinaiya sa pagtuon*.

Sa pamamagitan ng Google form na pinasagutan sa kanila isang araw pagkatapos ng huling sesyon sa unang modyul, sinagot ng pitóng Maristang gradwadong mag-aaral ang mga sumusunod: (1) Ano ang *bag-ong kinaiya sa pagtuon*? Ano ang katangian nito? (2) Ano/Ano-ano ang naidudulot ng *bag-ong kinaiya sa pagtuon*? 3. Ano/Ano-anong paghahanda ang isinagawa bago at sa araw ng aktuwal na online na sesyong singkroniko? 4. Ano/Ano-ano ang kinaharap na balakid sa *bag-ong kinaiya sa pagkatuto sa pamamagitan ng online na sesyong singkroniko*? 5. Paano napagtagumpayan ang/mga balakid sa *bag-ong kinaiya sa pagkatuto*? 6. Ano/Ano-ano ang ginagamit para sa online na sesyong singkroniko? 7. Kaugnay ng sagot hinggil sa ginagamit para sa online na sesyong singkroniko, epektibo ba ito?

Ang artikulong ito ay may pahintulot mula sa Dekana ng Paaralang Gradwado ng NDMU at ng mga gradwadong mag-aaral.

KALIKASÁN, KALAKASAN, AT KARANASAN NG/SA BAG-ONG KINAIYA SA PAGTUON NG MGA MARISTANG GRADWADONG MAG-AARAL SA FILIPINO

Sa bahaging ito, mababása ang mga tematikong pagsusuri sa mga tugon ng mga Maristang gradwadong mag-aaral sa mga tanong sa talatanungan. Inilahad ang mga tugon, pagkatapos ang nabuong kahulugan mula sa mga makabuluhang pahayag ng mag-aaral at panghuli ay ang nabuong kaisipan mula sa mga pinagsamá-samáng kahulugan. Kaugnay rin nito, tinukoy ang namamayaning tema.

Makikita sa kasunod na talahanayan ang kalikasan ng *bag-ong kinaiya sa pagtuon* batay sa danas ng mga gradwadong mag-aaral.

Talahanayan 1. Kalikasan ng *Bag-ong Kinaiya sa Pagtuon*

Tugon ng mga Mag-aaral	Nabuon ng Kahulugan	Kaisipan	Tema
1. Ang <i>bag-ong kinaiya sa pagtuon</i> ay tinatawag na <i>online learning</i> . Unang-una, kinailangan naming mag-sign in at log in sa NDMU Acad LMS sapagkat doon nakapaskil ang <i>calendar of activities</i> , kahingian, iskedyul ng mga gawain, sistema ng pagmamarka maging ang mga kagamitan at babasahin na tatalakayin sa klase. Sa <i>bag-ong kinaiya sa pagtuon</i> ay ginagamit din namin ang iba't ibang <i>platform</i> sa pagtuturo-pagkatuto. Halimbawa dito ay ang paggamit ng Zoom o Google Meet upang magkità-kità (virtually) ang guro at mga mag-aaral, <i>group chat</i> , at Facebook page ng kurso.	- Ang <i>bag-ong kinaiya</i> ay <i>online learning</i> - Gumagamit ng iba-ibang plataporma gaya ng Academic Learning Management System, Zoom, Google Meet, group chat, at Facebook	Ang <i>bag-ong kinaiya sa pagtuon</i> ay umaangkop sa panahon ng pandemya na pagkatutong <i>online</i> at pagkikitang birtuwal na may sesyong singkroniko at asingkroniko at aktibidad na nakasentro sa mga mag-aaral na gumagamit ng makabagong teknolohiya gaya ng Academic Learning Management System, Zoom, Google Meet, Group Chat, Email, at Facebook na madaling i-akses at nagpoprotekta sa mga <i>file</i> .	Pagkatutong Online Pagkikitang birtuwal Umaangkop sa panahon ng pandemya Nakasentro sa mga mag-aaral Makabago Madaling iakses
2. Ang <i>bag-ong kinaiya sa pagtuon</i> ay ang pagkakaroon ng kakayahang umangkop sa panahon ng pandemya. Isa sa mga katangian nito ay ang mga aktibidad ay nakasentro sa mag-aaral.	- Umaangkop sa panahon ng pandemya - Nakasentro sa mga mag-aaral ang mga aktibidad		
3. Ang <i>bag-ong kinaiya sa pagtuon</i> ay ang pagkatuto na hindi direktang nakikita ng mag-aaral ang mga kklase at guro. Gumagamit ng makabagong teknolohiya upang maisagawa ang pagkatuto. Ang katangian nito ay may kakayahang itong magkaroon ng <i>synchronous</i> at <i>asynchronous</i> na pagkatuto.	- Hindi direktang nakikita ang mga mag-aaral - Gumagamit ng makabagong teknolohiya - May <i>synchronous</i> at <i>asynchronous</i> na pagkatuto		
4. <i>Online Learning</i> sa pamamagitan ng paggamit ng makabagong teknolohiya. Mayroon kaming <i>synchronous</i> at <i>asynchronous sessions</i> kung saan gumagamit kami ng iba't ibang pamamaraan sa pagkatuto tulad ng FB, Gmail, Google Meet, at Zoom.	- Online leaning - Paggamit ng makabagong teknolohiya - May sesyong singkroniko at asingkroniko - Gumagamit ng FB, Gmail, Google Meet, at Zoom		
5 Gumamit ng <i>online platform sa pagtuon</i> (Zoom, Google Meet, GC, Facebook, Email at NDMU AcadLMS)	- Gumagamit ng <i>online platform</i> gaya ng Zoom, Google Meet, GC, Facebook, Gmail, NDMU LMS		
6 <i>Online</i> . Gumagamit ng mga elektronikong sanggunian at may <i>online synchronous</i> na klase.	- Online - Gumagamit ng elektronikong sanggunian - <i>Online</i> na klaseng singkroniko		
7 Academic Learning Management System (AcadLMS). Bagong moda sa pagtuturo at pagkatuto ng guro at mag-aaral. Madaling i-access at mas protektado ang aming <i>files</i> .	- Gumagamit ng Academic Learning Management System - Bagong moda sa pagtuturo at pagkatuto - Madaling iakses - Protektado ang <i>files</i>		

Ipinakikita sa talahanayan ang tematikong pagsusuri sa *bag-ong kinaiya sa pagtuon* ng mga gradwadong mag-aaral sa NDMU. Ang *bag-ong kinaiya sa pagtuon* ay hindi na ang tradisyonal na pamamaraan sa pagtuturo na may pisikal na kontak ang guro at kaniyang mga mag-aaral. Ito ay ganap nang *online*. May sesyong singkroniko na kailangang pumasok at lumahok at may sesyong asingkroniko na maaaring makapagtanong ang mga mag-aaral. Ang pagkikita ay hindi na *face-to-face* kundi birtuwal.

Ang *bag-ong kinaiya sa pagtuon* ay umaangkop sa kahingian ng panahon dahil sa pandemyang COVID-19. Naging mahigpit ang biyahe na de-iskedyul para dumagsa sa pupuntahan gaya ng sa Lungsod Koronadal na sentro ng Rehiyon 12 at hindi puwedeng bumiyahe rito ang mula sa mga karatig na siyudad at probinsiya. Ipinagbawal din ang pagtitipon ng higit sa 10 katao at ang pisikal na kontak. Dahil ganap nang *online* ang pagtuturo, sari-saring *platform* ang ginamit upang matugunan ang pagkatuto. May NDMU AcadLMS. Mayroon ding Zoom, Google Meet, *group chat*, email, at Facebook.

Kahit na ganap nang *online* ang bagong normal sa edukasyon, kailangang nakasentro o nakapokus pa rin sa pag-unlad ng mga mag-aaral. Ang mga gawain ay mapanghámon, naaayon sa kanilang hilig at kakayahan, napapanahon, at higit sa lahat posibleng gawin kahit na may krisis at pandemya. Bagaman gumagamit ng mga makabagong teknolohiya, kailangang may haplos-personal pa rin sa mga mag-aaral. Gaya ng teoryang makatao sa pagkatuto ng wika, kailangang napahalalagahan ang mga salik na pandamdamin at emosyonal. Ang teoryang makatao ay naniniwalang ang pagtatagumpay sa pagkatuto ay nangyayari lámang dahil sa sumusunod na kondisyon: angkop ang kaligiran, may kawilihan ang mga mag-aaral at may positibong saloobin sila sa bagong kaalaman at impormasyon. Kung ang mga kondisyong ito ay hindi matutugunan, ang anomang paraan o kagamitang pampagtuturo ay maaaring hindi magbunga ng pagkatuto (Badayos, 17).

Ang makabagong teknolohiya ay matututuhan din kapag palagian nang ginagamit. Tulad din ng teoryang *innative* sa pagkatuto ng wika, ang lahat ay may likás na salik sa pagkatuto ng wika. Paliwanag ni Chomsky (banggit sa Badayos 15), likás na nalilintang ang kakayahan sa wika kapag nakikipag-inter-aksiyon sa kaniyang kapaligiran ang estudyante. Sa *bag-ong kinaiya sa pagtuon*, lalong nalilintang ang kakayahan kapag may magandang talastasan at ugnayan ang guro at mga mag-aaral. Kailangang nagagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa maayos at matagumpay na paggamit ng makabagong teknolohiya.

Sa kabiláng banda, makikita sa kasunod na talahanayan ang kalakasan ng *bag-ong kinaiya sa pagtuon*. Ang *bag-ong kinaiya sa pagtuon* ay kolaborasyon ng guro at mga mag-aaral. Upang ganap na matagumpay ang *bag-ong kinaiya sa pagtuon*, kailangang magkaisa at magtulungan ang guro at ang mga mag-aaral sa sama-samang pagtuklas at pagdukul ng kaalaman gamit ang samot-saring moda gaya ng AcadLMS, Zoom, Google Meet, Email, Facebook, at iba pa.

Talahanayan 2. Kalakasan ng *Bag-ong Kinaiya sa Pagtuon*

Tugon ng mga Mag-aaral	Nabuong Kahulugan	Kaisipan	Tema
1. Marami itong naidulot sa amin sa lahat ng aspekto ng aming pagkatalo, emosyonal, mental at pisikal. Unang-una, nagdulot ito sa amin ng pananabik dahil bago sa amin ang <i>kinaiyang</i> ito. Kinailangan naming kilalanin kung paano gagamitin ang Zoom o Google Meet. Napalawak din nito ang aming mga abilidad at kasanayan sa paggamit ng teknolohiya. Nagdulot ito ng katatagan sa aming isipan na kailangan naming mag-adjust (makibagay) at makisabay sa bagong <i>kinaiyang</i> ito upang makalahok sa mga gawain sa klase. Mas nakita namin ang kahalagahan ngayon ng mga gadyet sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Hindi hadlang kailanman ang distansiya upang mag-aaral. Naging bukás kami sa <i>bag-ong kinaiya sa pagtuon</i> na ito.	- Maraming naidudulot – emosyonal, mental, pisikal - Pananabik dahil bago ang <i>kinaiya</i> - Napalawak ang abilidad at kasanayan sa paggamit ng teknolohiya - Katatagan sa isipan na makibagay at makisabay sa <i>bag-ong kinaiya</i> - Mas nakita ang kahalagahan ng mga gadyet - Naging bukás sa <i>bag-ong kinaiya sa pagkatuto</i>	Ang <i>bag-ong kinaiya sa pagtuon</i> ay maraming naidulot na positibo gaya ng pananabik ng mga mag-aaral dahil ito ay bagong <i>kinaiya</i>, bagong metodolohiya at estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto sa aralin at sa paggamit mismo ng iba-ibang plataporma. Napalawak ng <i>bag-ong kinaiya</i> ang kaalaman, kakayahan, at kasanayan sa paggamit ng mga teknolohiya. Nakita ang kahalagahan ng mga gadyet at oras sa pag-aaral sa kabila ng pandemya at naging bukás sa pagkatuto at masinop sa oras ng klase. Napadali ang paghahatid at pagtanggap ng pagtuturo at ang ugnayan sa guro at pagsusumite sa mga kahingian ng klase.	Pananabik Bagong metodolohiya at estratehiya Pagpapalawak ng kaalaman, kakayahan, at kasanayan sa paggamit ng teknolohiya Pagpapahalaga sa mga gadyet at oras sa pag-aaral Pagiging masinop sa oras ng klase Madaling paghahatid at pagtanggap ng pagtuturo at pagkatuto Madaling ugnayan ng guro at mag-aaral Madaling pagsusumite ng mga kahingian
2. Ang mga naidulot ng <i>bag-ong kinaiya sa pagtuon</i> ay ang pagiging masinop sa oras ng klase. Pinahahalagahan ng bawat isa na makamit ang nakalaang oras sa pag-aaral sa kabila ng pandemya na nararanasan.	- Naging masinop sa oras ng klase - Napahalagahan ang nakalaang oras sa pag-aaral sa kabila ng pandemya		
3. Nakadudulot ito ng mga bagong metodolohiya at estratehiya sa pagtuturo. Kinakailangan pa rin sa panahong ito ang pagkatuto kung gayon ang <i>bag-ong kinaiya sa pagtuon</i> ay rason upang bumuo ng mga pamamaraan na matututo pa rin ang mga mag-aaral.	- Nakapagdulot ng bagong metodolohiya at estratehiya sa pagtuturo - Nakabuo ng bagong pamamaraan sa pagkatuto		
4. Nagdulot ito ng panibagong kaalaman sa mag-aaral, lalong-lalo na sa paraan kung papaano gumamit ng Google Meet at Zoom sa panahon ng klase.	- Nakapagdulot ng bagong kaalaman lalo na sa paraan kung paano gumamit ang mga makabagong teknolohiya		
5. Mas napadali ang paghahatid at pagtanggap ng pagtuturo't pagkatuto	- Mas napadali ang paghahatid at pagtanggap ng pagtuturo at pagkatuto		
6. Nakatutuklas ng panibagong pamamaraan ng pagtuturo.	- Nakatutuklas ng panibagong pamamaraan sa pagtuturo		
7. Sa pamamagitan nito, napadali ang ugnayan namin sa aming guro at ang pagsusumite ng aming kahingian sa klase.	- Napadali ang ugnayan sa guro at pagsusumite ng mga kahingian		

Ayon sa mga datos, lumalabas na magandang oportunidad at danas ang *bag-ong kinaiya* para sa mga gradwadong mag-aaral na mga guro din upang maitaas ang antas ng kanilang kamalayan at kasanayan sa makabagong teknolohiya. Masasabing ganap nang *online* ang pagtuturo at pagkatuto sa Notre Dame of Marbel University bunsod ng *bag-ong kinaiya sa pagtuon*. Lahat ng mag-aaral ay nagtransisyon na sa paggamit ng *laptop* at/o *cellphone* bilang *bagong pangunahing daluyan ng pagtuturo-pagkatuto*. Ang pitóng Maristang gradwadong mag-aaral ay naniniwalaang epektibo ang pagkatuto sa *bag-ong kinaiya*. Dagdag pa ng isang respondente, “*Epektibo ang laptop sapagkat hindi mo na kailangan pang hawakan habang nakikinig ngunit sa cellphone minsan ay mapapagod ka sa kahahawak ngunit ang dalawang ito ay nakatutulong pa rin sa aking pagkatuto. Higit pa itong magiging epektibo kung malakas at mabilis ang signal o koneksiyon.*”

Sa danas din ng mga Maristang gradwadong mag-aaral, ang *bag-ong kinaiya sa pagtuon* ay maraming naidulot na positibo gaya ng pananabik nila dahil sa bagong metodolohiya at estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto ng mga aralin at sa paggamit mismo ng iba-ibang plataporma na hindi pa nila dating nasusubukan. Napalawak din ng *bag-ong kinaiya* ang kaalaman, kakayahan, at kasanayan sa paggamit ng mga teknolohiya. Nakita ang kahalagahan ng mga gadyet at oras sa pag-aaral sa kabila ng pandemya at naging bukás sa pagkatuto. Napahalagahan din ang pagiging masinop sa oras ng klase. Napadali ang paghahatid at pagtanggap ng pagtuturo at pagkatuto, ang ugnayan sa guro, at ang pagsusumite ng mga kahingian sa klase.

Sa kabuoan, positibo ang epekto ng *bag-ong kinaiya* sa mga Maristang gradwadong mag-aaral. Ang positibong kaugalian at pananaw *sa pagtuon* ay may malaking epekto rin sa masagana at matagumpay na proseso ng pagkatuto.

Nasa kasunod na talahanayan ang mga paghahandang isinagawa bago at sa araw ng aktuwal na *online* na sesyong singkroniko.

Talahanayan 3. Mga Pahahanda Bago at sa Araw ng Aktuwal na *Online* na Sesyong Singkroniko

Tugon ng mga Mag-aaral	Nabuong Kahulugan	Kaisipan	Tema
1. Bago ang aktuwal na <i>online synchronous session</i> , una ay kinailangan kong maghanap ng lugar na malakas ang signal. Nakitirá ako sa bahay ng aking Tito sa bayan, tuwing Sabado at Linggo. Sunod naman ay kailangan kong tiyakin na nasa maayos na kondisyon ang aking mga gamit	- Naghanap ng lugar na malakas ang signal - Tiniyak na nasa maayos na kondisyon ang mga gamit gaya ng <i>WiFi, cellphone, charger</i> at <i>laptop</i> para makakonek sa mga kaklase - Tiniyak na hindi maabala ang ibang tao sa paligid	Bago ang at sa aktuwal na araw ng klase, tinitiyak ng mga mag-aaral na maayos ang kondisyon ng kagamitang elektroniko gaya ng <i>cellphone, laptop, charger, wi-fi, gagamiting app</i> at espasyong lulugaran habang	Pagtiyak sa kondisyon ng mga kagamitang elektroniko Pagtiyak sa tamang <i>app</i> na gagamitin

para makaugnay o maka-connect sa aking mga kaklase tulad na lámang ng WiFi, <i>cellphone</i> , <i>charger</i> at <i>laptop</i> . Kailangan ko ring tiyakin na hindi ako makakaistorbo sa ibang mga tao kapag nagkaklase kami. Kinailangan kong maghanap ng espasyo kung saan ay makakapag- <i>focus</i> ako sa pakikinig at pakikilahok sa malalimang talakayan sa klase kasáma ang aking mga kaklase at guro.	- kapag nagkaklase - Naghanap ng lugar na makapagpopokus sa pakikinig at pakikilahok sa malalimang talakayan	nagkaklase na may malakas na signal, walang abála at di-makaabala. Tinitiyak din na nakapagbasá ng mga paksang tatalakayin upang magkaroon ng idea, maging handa sa mga kakailanganin, at maging handa sa iba't ibang aspekto ng sarili gaya ng pisikal o emosyonal.	Pagtiyak sa mga lugar na may malakas na signal Pagtiyak sa lugar na walang abála at di-makaabála Pagtiyak na handa sa iba't ibang aspekto ng sarili gaya ng pisikal at emosyonal
2. Ang mga paghahanda na ginawa ko ay sinigurado kong ang aming <i>Internet connection</i> ay maayos upang hindi ako maantala sa oras ng aktuwal na <i>online class</i> . Pagdating naman sa aktuwal na klase ay	- Tiniyak na maayos ang <i>Internet connection</i> - Nagbasá ng paksang tatalakayin upang magkaroon ng idea		
inihahanda ko ang aking sarili sa pamamagitan ng pagbabasá muna ng mga paksang tatalakayin upang magkaroon na ng idea.			Pagbabasá ng mga aralin
3. Sinigurado ko na may mga kagamitan ako para sa <i>online synchronous session</i> tulad ng pagkakaroon ng <i>data</i> para makaakses sa mga <i>website</i> . Nag-explore ako ng <i>apps</i> na gagamitin. Sa aktuwal naman ay sumunod ako sa daloy ng klase na pinamunuan ng aming guro.	- Tiniyak na may kagamitan para sa <i>online synchronous session</i> gaya ng <i>data</i> para makapag-akses ng <i>websites</i> - Nag-explore ng mga <i>app</i> na gagamitin - Sumunod sa daloy ng klase		
4. Sa kadahilanang wala akong <i>Internet connection</i> sa bahay ay naghanap ako ng paraan kung saan ako puwedeng maka- <i>connect</i> . Kayâ, tuwing araw ng klase ay pumupunta po ako sa tiyuhin ko para maki- <i>connect</i> kasi po kung <i>mobile data</i> lang po ang aking gagamitin ay masyado pong magastos at mahina ang signal.	- Pumupunta sa bahay ng kaanak para makikonek sa wi-fi sapagkat magastos at mahina ang signal kapag <i>mobile data</i> lang ang gagamitin		
5. Bukod sa mga takdang-aralin sa klase, bahagi rin ng paghahanda ang mga kagamitang elektroniko gaya ng <i>laptop</i> at <i>cellphone</i> maging ang signal.	- Maghanda ng mga kagamitang elektroniko gaya ng <i>laptop</i> at <i>cellphone</i> maging ang signal		
6. Nagkaroon muna ng pagsubok sa <i>Internet connection</i> at sa kung ano ang mas mainam na <i>application</i> na gagamitin.	- Sinubok ang <i>Internet connection</i> at inalam kung anong <i>app</i> ang mas mainam gamitin		
7. Sinisigurado ko na sapat ang <i>Internet connection</i> upang hindi makasagabal sa klase, handa sa mga kakailanganin sa klase, at handa ako mapapisikal o emosyonal.	- Tiniyak na sapat ang <i>Internet connection</i> upang di makasagabal sa klase - Tiniyak na handa ang mga kakailanganin - Tiniyak na handa sa aspektong pisikal at emosyonal		

Mahalaga ang paghahanda bago ang at sa araw ng aktuwal na *synchronous online session*. Sa naging danas ng kursong Fil 258, ang iskedyul ng klase ay alas-dos hanggang alas-singko ng hápon. Tatlung minuto bago ang klase, ibinibigay na ang kawing ng Google Meet para hindi mahulí sa pagsisimula at maiwasang matapos

nang huli ang klase. Kinakailangang nababása at nauunawaan na rin ng mga mag-aaral ang mga pinapabása o ang mga ini-upload na materyal. Inaasahan ding makapapangalap at makapag-iipon ng mga impormasyon sa mabisang paraan ang mga mag-aaral.

Nasa kasunod na talahanayan naman ang mga balakid sa *bag-ong kinaiya*.

Talahanayan 4. Mga Balakid sa Bag-ong Kinaiya sa Pagkatuto sa Pamamagitan ng *Online* na Sesyong Singkroniko

Tugon ng mga Mag-aaral	Nabuong Kahulugan	Kaisipan	Tema
1. Una ay ang mahinang signal sa aming bayan. Kahit na sapat naman ang aking <i>load</i> ay lagi itong nawawalan ng signal kayâ minsan hindi ko natatapos ang aming klase. Mabuti na lámang at mabait at may konsiderasyon ang aming guro. Sunod naman na balakid sa akin ay ang panahon. Sa tuwing umuulan kasi ay hindi kami magkarinigan at madalas nawawala ang signal kaya paputol-putol (<i>choppy</i>) ang pagsasalita ng aking mga kasáma. Magkagayunman ay nairaos naman ito nang maayos. Pero iba pa rin pala talaga kapag sa personal mo nakakasáma ang mga kaklase at guro mo.	- Mahinang signal sa bayan - Panahon lalo na kapag umuulan kasi hindi nagkakarinigan at madalas nawawala ang signal	Maraming balakid sa <i>bag-ong kinaiya</i> gaya ng mahina at mabagal na <i>Internet connection</i> lalo na kapag umuulan; kawalan ng koryente o <i>brownout</i> lalo na kung magtatagal; at pangangailangan ng perang panload at pamasahang papunta sa bahay ng kakilála/kamag-anak na may <i>Internet connection</i> .	Mahina/ mabagal na <i>Internet connection</i> Malakas na ulan Kawalan ng koryente Perang panggastos sa load at pamasahang
2. Isa sa mga balakid para sa akin ay ang mahinang signal ng <i>Internet</i> lalo na kapag umuulan. Minsan naman ay natataon sa pagkawala ng koryente.	- Mahinang signal ng <i>Internet</i> lalo na kapag umuulan - Pagkawala ng koryente		
3. Ang balakid talaga ay ang signal. Hindi pa <i>stable</i> ang <i>Internet connection</i> ng Pilipinas. Minsan ay nadi- <i>disconnect</i> kami sa klase; minsan naman ay mismong guro namin ang nawawala. Dahil din sa haba ng klase ay nalo-lowbat ang <i>cellphone</i> o <i>laptop</i> namin. May panahon pang may <i>brownout</i> . Ibig sabihin, ang buong sesyon ay nakasalig sa ganda ng signal at sa koryente.	- Signal, hindi <i>stable</i> na koneksiyon sa <i>Internet</i> - Dahil sa haba ng klase, nalo-lowbat ang <i>cellphone</i> o <i>laptop</i> - Panahon ng <i>brownout</i>		
4. Una, ang mabagal na signal. Dahil wala po akong <i>Internet connection</i> , pumupunta po ako sa bahay ng tiyuhin ko para maki-connect. Pangalawa, pera pamasahé. Dahil malayo po ang bahay nila sa amin ay naglalaan po ako ng badyet sa pagkain at pamasahé. Pangatlo, kailangang maglaan ng pera sa <i>cellphone load</i> . Kasi, kung walang <i>Internet connection</i> ay <i>mobile data</i> po ang ginagamit ko para maipása ang iba pa naming <i>requirements</i> sa klase.	- Mahinang signal - Pera para sa <i>load</i> at pamasahé papunta sa bahay ng kaanak na may <i>Internet connection</i>		
5. Hindi maayos na koneksiyon ng <i>cellphone/Internet</i>	- Hindi maayos na koneksiyon ng <i>cellphone/Internet</i>		
6. Hindi konsistent na <i>Internet connection</i> .	- Hindi konsitent na <i>Internet connection</i>		
7. Hindi maiiwasan na kahit handa na ang lahat para sa klase, isa sa mayoryang balakid ay ang pagkawala ng signal sa <i>Internet</i> . Napuputol ang linya na minsan medyo may katagalan pa bago makabalik.	- Pagkawala ng signal sa <i>Internet</i> - Napuputol ang linya ng koryente		

Pinakabalakid ang mabagal at mahinang signal o koneksiyon sa *Internet*. Ayon kay San Juan (2020), ang Pilipinas ang may pinakamahal na internet sa buong Timog-Silangang Asya at pampito sa pinakamahal sa buong Asya ngunit pinakamabagal kompara sa Singapore na mura ang *Internet* ngunit mabilis. Dagdag pa niya, ang pinakamabilis na koneksiyon sa Pilipinas ay kasáma sa pinakamabagal sa buong mundo.

Talahanayan 5. Paraan para Mapagtagumpayan ang mga Balakid sa *Bag-ong Kinaiya*

Tugon ng mga Mag-aaral	Nabuong Kahulugan	Kaisipan	Tema
1. Unang-una, sa tulong ng Maykapal, binigyan niya ako ng mabuti at considerate na guro at mga kaklase, dahil sa kanila ay napagtagumpayan ko ang <i>bag-ong kinaiya</i> sa pagkatuto na ito. Sunód naman na dahilan ay ang kagustuhan kong matuto. Dahil sa interes at <i>motivation (intrinsic at extrinsic)</i> ay talagang ginawa ko ang lahat upang malagpasan ang lahat ng pagsubok at balakid dulot ng <i>bag-ong kinaiya</i> ito.	- Gabay ng Maykapal - Konsiderasyon ng guro at mga kaklase - Interes at motibasyon sa <i>pagtuon</i>	Upang magtagumpay sa mga balakid sa <i>bag-ong kinaiya</i> , kailangan ang: gabay ng Panginoon, tulong ng guro at kapuwa mag-aaral, interes at motibasyon sa pagkatuto, mahabang pasensiya, diskarte kapag walang koryente, paglalaan ng badyet para sa mga gastusin, paggamit ng higit pa sa isang moda/ <i>platform</i> , at paghanap ng lugar na may malakas na signal o koneksiyon.	Gabay ng Panginoon Tulong ng guro at kapuwa mag-aaral Interes sa pagkatuto Motibasyon sa pagkatuto Diskarte Paglalaan ng badyet
2. Napagtagumpayan ang mga balakid sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mahabang pasensiya. Hindi maiiwasan ang mga balakid kung kayâ kailangan mag-adapt sa tinatawag na <i>bag-ong kinaiya</i> .	- Mahabang pasensiya sa pag-angkop sa <i>bag-ong kinaiya</i>		Paggamit ng higit sa isang moda/ <i>platform</i> sa pagkatuto
3. Humahanap ng paraan. Kung nawawala ang <i>audio</i> namin, gumagamit kami ng <i>messenger</i> upang maipagpatuloy ang komunikasyon. Kapag wala namang koryente ay pumupunta kami sa mga kakilalang may koryente ang lugar.	- Paggamit ng hindi lang isa kundi higit pang moda para maipagpatuloy ang komunikasyon - Diskarte lalo na kapag walang koryente		Paggamit ng higit sa isang moda/ <i>platform</i> sa pagkatuto
4. Naglaan po ng badyet para rito.	- Paglalaan ng badyet		
5. Humanap ng lugar na may mas malakas na signal/koneksiyon ng <i>Internet</i> .	- Paghanap ng lugar na may malakas na signal/koneksiyon		Paghahanap ng lugar na malakas ang signal/koneksiyon
6. Gumamit ng iba pang pamamaraan sa paglalahad ng klase tulad na lámang ng <i>FB group</i> at <i>messenger</i> .	- Paggamit ng halo-halong pamamaraan sa paglalahad		
7. Magiging matagumpay lámang ito kapag nakabalik na agad ang signal/koneksiyon.	- Pagbabalik ng signal/koneksiyon		

Upang mapagtagumpayan ang mga balakid, kailangan ang gabay ng Panginoon, guro, at kapuwa mag-aaral. Sa panahon ng pandemya, higit na maganda kapag tulong-tulong at samá-samá sa pagtuon. Binigyang-diin ni Nuncio (2020) na mahalaga ang guro sa online na pagtuturo. Naniniwala siyang “puso-sa-puso” dapat kapag nagtuturo. Ito ay bokasyon ng guro kung kayâ kailangang may malasakit sa mga mag-aaral na uhaw sa kaalaman at gustong matuto. Samantala, ayon kay Badayos, napakahalagang salik sa matagumpay na pagkatuto ang motibasyon na maaaring ekstrinsik o panlabas at intrinsik o ang likás na kagustuhang matuto (22-23).

EMIKONG DANAS NG MANANALIKSIK SA *BAG-ONG KINAIYA* SA PAGTUTURO

Sa bahaging ito ay ibabahagi naman ng mananaliksik ang sarili niyang danas sa *bag-ong kinaiya* sa pagtuturo bilang guro naman sa pamantasang pinagsagawaan ng saliksik. Bilang paghahanda sa *bag-ong kinaiya* sa pagtuturo, ang una niyang ginawa ay bumili ng *prepaid wi-fi*. *Laptop* at *cellphone* ang ginamit niya kada sesyon

sa kaniyang mga mag-aaral. Bago ang sesyong singkroniko, nagpaparehistro na siya para sa suskrisyon sa *Internet* (dalawang GOSURF50). Kailangang may data rin ang kaniyang *cellphone* para kapag walang koryente (na minsan na niyang naranasan) ay tulóy pa rin ang klase. Isini-share na lang ang wi-fi (*hotspot*) ng *cellphone* sa *laptop*.

Sa unang sesyon gamít ang Zoom video conferencing, nawala-wala ang koneksiyon niya. Kayâ, pagkatapos ng klase, sinubukan nila ang Google Meet. Mas mabilis at mas malinaw ito kayâ napagsang-ayunan na ito na ang platapormang gagamitin sa susunod na apat na sesyon. Minsan pa, may iláng mag-aaral ang biglang nag*li-leave* meeting sapagkat mahina rin ang kanilang koneksiyon, paubos na ang kanilang *data*, o pa-lowbat na ang kanilang *laptop* at kailangan nang gamitin ang *cellphone*.

Upang maging maayos, organisado, at magaan ang presentasyon ng mga aralin at inaasahang bunga ng pagkatuto, isang linggo bago ang klase, nakapaskil na sa AcadLMS ang kailangang impormasyon gaya ng mga paksang tatalakayin, mga ulat na ilalahad ng bawat isa kalakip ang rubrics at pangalan ng kaklaseng magkikritik, at ang mekaniks sa presentasyon. Lahat ng mahahalagang detalye ay naka-post na. Maaari na ring bisitahin ang Facebook Group, GC, at Google Drive.

Naging pangunahing kahingian ng klase bukod sa pagbása at pagsusuri ng mga artikulo ang dalawang sanaysay (maanyo at malaya) at konseptong papel ukol sa, ngunit hindi limitado sa, wika, gramatika, kultura, malikhaing pagsulat at edukasyong Filipino. Para sa pagwawasto ng mga sanaysay at konseptong papel na ipinasa sa email, binuksan ito gamít ang Google docs. Dito ginawa ang pagha-highlight at pagkokomento. Sa araw ng klase gamít ng Google Meet, isini-share screen ito para mabása at masundan din ng mga mag-aaral. Napag-alaman nila ang mga karaniwang kamalian sa pagsulat.


Para makatulong din sa ibang mag-aaral sa Filipino, bumuo ng kagamitang pampagkatuto ang klase hinggil sa bahagi ng pananalita gamít ang Facebook Page na maaaring i-like, i-share, o komentohan.

BALANGKAS NG BAG-ONG KINAIYA SA PAGTUON BATAY SA TEMATIKONG PAGSUSURI

Batay sa tematikong pagsusuri, nabuo ang balangkas ng *bag-ong kinaiya sa pagtuon* ng mga Maristang gradwadong mag-aaral sa Filipino. Ang balangkas na ito ay maaaring magamit sa ibang disiplina o larangan sa Paaralang Gradwado ng NDMU

at sa iba pang paaralan sa iba't ibang antas. Ang danas ng mga mag-aaral at guro sa kursong Fil 258 ay ambag sa pagdidiskurso at pagdadalumat sa mga kaalaman, kaugalian, at karanasan ng mga mag-aaral sa pagkatuto sa bagong normal.

Binubuo ang balangkas ng limang kategorya. Una, ang kalikasán o ang likás na katangian ng *bag-ong kinaiya sa pagtuon*; pangalawa, ang kalakasan o ang magandang epekto nito sa mga mag-aaral; pangatlo, ang kahandaan o ang isinasagawa bago at sa aktuwal na araw ng klase; pang-apat, ang kahirapan o ang mga balakid sa *bag-ong kinaiya sa pagtuon*; at panlima, ang kaparaanan o ang mga paraan para mapagtagumpayan ang mga hámon o balakid sa *bag-ong kinaiya sa pagtuon*. Sa kabuuan, ito ang 5K modelong balangkas sa *bag-ong kinaiya sa pagtuon* na maaaring sipatin at suriin.



IMPLIKASYON NG *BAG-ONG KINAIYA SA PAGTUON SA NDMU*

Mahalagang sanáyin ang mga guro at mag-aaral sa wastong paggamit ng mga makabagong teknolohiya sapagkat ganap nang *online* ang pagtuturo na may sesyong singkroniko at asingkroniko. Ang pagpapahusay ng kaalaman at kasanayan ng mga guro sa tamang pagpili at paggamit ng mga teknolohiya ay esensiyal upang lalong magabayan at matulungan ang mga mag-aaral na nahihirapan sa *pagtuon* gamit ang teknolohiya.

May limitasyon din ang mga teknolohiya. Ang tao pa rin ang kumokontrol nito. Kung kayâ, dapat maayos na nagagamit at naibabahagi ito sa mga mag-aaral. Kinakailangang maging malikhain at mapanuri sa tulong ng mga teknolohiya.

Tinitiyak din dapat na mataas ang antas ng kahandaan, pagtanggap, paggamit, at kahusayan ng mga guro at mag-aaral sa teknolohiya bilang instrumento sa pagpapalawak ng dunong, danas, at dalumat sa panahon ng pandemya.

Maganda ring magkaroon ng mga makabuluhang gawain gaya ng e-lektura, webinar, palihan, *lead session*, at iba pa upang lalong matuto at magkaroon ng mataas na kumpiyansa sa sarili sa paggamit at pagbabahagi ng natutuhan sa iba.

Mahalaga ang sigla at sigasig ng mga guro sa pagtuturong *online* at pagtulong sa mga mag-aaral at ang suporta ng administrasyon sa mga guro at mag-aaral.

KONGKLUSYON

Ang *bag-ong kinaiya sa pagtuon* ay katulad ng pagkatuto ng wika. Tulad ng likás na nalilining ang kakayahan sa wika kapag nakikipag-inter-aksiyon sa kaniyang kapaligiran, nalilining din ang kakayahan sa paggamit ng makabagong teknolohiya at *bag-ong kinaiya sa pagtuon* kapag may magandang talastasan at ugnayan ang guro at mga mag-aaral. Kailangang nagagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa maayos at matagumpay na paggamit ng mga moda o *platform* sa bagong normal ng edukasyon. Magiging matagumpay rin ang proseso ng pagtuturo-pagkatuto kapag angkop ang kaligiran, may kawilihan ang mga mag-aaral, at may positibong saloobin sila sa bagong kaalaman at impormasyon sa kabila ng pandemyang Covid-19 at kung may sapat na suporta ang administrasyon, kapuwa guro, at mag-aaral.

TALASANGGUNIAN

- Badayos, Paquito B. *Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika: Mga Teorya, Simulain at Istratehiya*. Pateros: Grandbooks Publishing, Inc., 2013. Printed.
- Basiloy, Adeline E. "The Level of Acceptance and Use of Multimedia Materials in the Teaching of Filipino Language in State Universities of Samar Island, Philippines." *International Journal of Trend in Research and Development* (2019). Online.
- Notre Dame of Marbel University. n.d. Online. 12 August 2020.
- Nuncio, Rhoderick V. "Ang Online na Guro sa Pandemyang Covid-19." *Tanggol Wika E-Lektura*. Manila: Tanggol Wika, 28 June 2020. Online.
- Ron, Oliver and Towers, Stephen. "Benchmarking ICT Literacy in Tertiary Learning Settings." *ASCILITE 2000*. Tugun: Australian Society for Computers in Learning in Tertiary Education, 2000. Online.
- San Juan, David Michael M. "Nilalaman > Pamamaraan: Pagsipat sa Piling Online Resources sa Pagtuturo ng Filipino." *Buwan ng Wika at Kasaysayan 2020 Webinar Series*. Manila: Tanggol Wika at Tanggol Kasaysayan, 10 August 2020. Online.
- Walden University. *Top 5 Benefits of Technology in the Classroom*. n.d. Online. 12 August 2020.

Si **JUN YANG BADIE** ay kawaksing propesor sa Notre Dame of Marbel University sa Lungsod ng Koronadal, Lalawigan ng South Cotabato na nagtuturo sa antas gradwado (MAEd-Filipino) at di-gradwado (Filipino-GenEd at Medyor). Ginawaran siya ng Best Teaching Performance sa 11th Araw ng Parangal ng Paaralang Gradwado ng NDMU, Taóng Panuruan 2017-2018. Tatlong beses na siyang naging direktor ng Panrehiyong Seminar-Workshop sa Filipino sa SOCCSKSARGEN. Naging K-12 *Regional Trainer* siya para sa mga Guro ng Baitang 10. Siya rin ay aprobadong *Regional Trainer* ng Komisyon sa Lalang Mataas na Edukasyon (CHED) para sa *Art Appreciation*. Siya ay nagtapos ng kaniyang Batsilyer sa Edukasyong Sekondarya bilang Cum Laude, Dr. Consejo S. Albano Leadership Awardee, at Journalist of the Year noong 2011 at ng kaniyang Masterado sa Sining sa Edukasyon medyor sa Filipino noong 2014 sa Holy Trinity College of General Santos City. Pinal na niyang naidepensa ang kaniyang disertasyon para sa digring Doktor ng Pilosopiya sa Araling Filipino - Wika, Kultura, Midya sa De La Salle University, Manila bilang iskolar ng CHED. Naihalal siya bilang Pangulo ng Dalubhasaan ng mga Umuusbong na Mag-aaral sa Araling Pilipinas (DANUM-GS) noong 2019). Naging *fellow* sa Akdaan 2019 ng Departamento ng Filipino ng DLSU-M sa pagsulat ng tula at sa Luntiang Palihan 2019 ng Bienvenido N. Santos Creative Writing Center ng DLSU-M para sa pagsulat ng maikling kuwento. Nakapaglathala na siya ng mga saliksik sa Malay Journal at Dalumat Journal. Nakapagbasá na siya ng mga papel-pananaliksik sa 5th International Conference on Asian and Philippine Studies; National Conference ng Philippine National Philosophical Research Society; DLSU Research Congress; Kumperensiya sa Araling Pilipinas ng DLSU Departamento ng Filipino; 1st Virtual Local Studies Conference ng Center for Batangas, Studies-De La Salle Lipa; at 1st International Conference on Multi-Perspectives in Education ng Far Eastern University Manila. Pangunahing awtor din siya ng silabus ng dalawang bagong kurso sa GenEd Filipino sa NDMU at *Provincial Coordinator* ng South Cotabato sa SAGIP-WIKA: Samahán ng mga Guro at Iba Pang Propesyonal sa Wika. Isa siyang purong Blaán, lumad ng South Cotabato.